



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 06

NAG-AATAS SA PAGLIKHA NG “REGULATORY REFORM TEAM (RRT)” SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 5 ng *Republic Act No. 11032*, na pinamagatang “*Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018*”, ang lahat ng mga tanggapan at ahensya ng pamahalaan ay inaatasan na regular na magsagawa ng mga kaukulang pagsusuri hinggil sa paggamit ng laang-gugulin, oras at paggalaw ng mga isinasagawang pag-aaral, pagpapabuti sa sistema ng mga transaksyon at iba pang kinakailangan upang mabawasan ang *bureaucratic red tape* at oras ng pagproseso ng mga serbisyo;

SAPAGKAT, itinatadhana ng *DILG and ARTA JMC No. 2019-01* na may petsang Disyembre 10, 2019, o ang “*Guidelines on the Regulatory for LGUs Pursuant to the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery (EODB-EGSD) Act of 2018*”, ang pagbibigay ng mga patnubay sa mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan para sa pagpapabuti ng paghahatid ng mga serbisyo ng gobyerno sa pamamagitan ng pagsuri sa mga ordinansa, resolusyon at *issuances* na may kaugnayan sa negosyo, at magbigay ng kinakailangang rekomendasyon para sa pagpapawalang-bisa, pagsusog, pagsasanib, o pagpapanatili, upang maalis ang pasanin sa mga transaksyon na may kaugnayan sa negosyo;

SAPAGKAT, ang *Regulatory Reform Team (RRT)* ang mangangasiwa ng mga aktibidad ng *Regulatory Reform* alinsunod sa *DILG-ARTA JMC No. 2019-01* at ng Kapasiyahan Blg. 2020-41 ng ika-10 na Sangguniang Bayan ng Marilao;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. PAGLIKHA NG “REGULATORY REFORM TEAM”. - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay nililikha ang *Regulatory Reform Team (RRT)* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo : **IGG. RICARDO M. SILVESTRE**
Punong Bayan

Pangalawang Tagapangulo : **IGG. HENRY R. LUTAO**
Pangalawang Punong Bayan

Kasapian : **IGG. MARK JOSEPH L. GUILLERMO**
Tagapangulo, SB Lupon sa mga Tuntunin

IGG. ARNOLD T. PAPA
Tagapangulo, SB Lupon sa Mabuting Pamahalaan,
Pamublikong Etika at Pananagutan

IGG. IRMA G. CELONES
Tagapangulo, SB Lupon sa Kalakalan at Komersiyo

G. WILFREDO D. DIAZ
Pambayang Tagapangasiwa

G. ROGELIO C. PASCUAL
Pambayang Tanggapan ng Pagpapalano at Pagpapaunlad





Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 06

Nag-aatas sa Paglikha ng “Regulatory Reform Team (RRT)”
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan
Pahina 2 ng 3

ATTY. RAUL M. CHAN

Pambayang Abogado

IGG. ORESTES L. JACINTO

Pangulo, Liga ng mga Barangay

GNG. EDNA I. BAUTISTA

Pambayang Tanggapan ng Inatang-yaman

G. MARTIN ARMANDO C. CRUZ

Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan
at Paglilisensya ng Negosyo

ENGR. WILFRED M. LAVARIAS

Marilao Chamber of Commerce and Industries

Kalihiman

:

G. EDGAR P. RAMIREZ

Kalihin ng Sangguniang Bayan

GNG. JANNET C. HILARIO

Tanggapan ng Punong Bayan

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD. - Ang RRT ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

- a. Pag-aralan ang mga umiiral na lokal na ordinansa, resolusyon at iba pang *issuances* na pinagtibay ng Pamahalaang Bayan o magkasanib na ginawa kasama ang ibang lokal na yunit ng pamahalaan at/o pambansang ahensiya ng pamahalaan;
- b. Magsagawa ng mga dayalogo sa publiko kabilang ang *stakeholders* tulad ng NGAs, CSO at mga pribadong sektor, upang makilala ang mga umiiral na regulasyon at matukoy ang mga prayoridad na ordinansa at resolusyon para sa masusing pagsusuri at pagtatasa;
- c. Suriin ang mga umiiral na lokal na ordinansa at resolusyon kung ito ay may kalabisan, lipas na sa oras, o hindi na kinakailangan gamit ang *Four-Way Test*;
- d. Magbigay ng rekomendasyon sa mga pagtitibayin na patakaran ng Pamahalaang Bayan;
- e. Magbalangkas ng mga patakaran base sa resulta ng pagtatasa;
- f. Magsagawa ng *Regulatory Reform Technical Report (RRTR)*;
- g. Lumikha ng isang *Monitoring and Evaluation System*;
- h. Magsagawa at/o isapanahon ang mga *database system* at *LGU website*, na mayroong kumpletong kopya ng lahat ng lokal na ordinansa, resolusyon at *issuances* kabilang ang lahat ng susog nito, pati na rin ang *Citizen's Charter* na madaling maintindihan ng lahat;
- i. Itaguyod ang mga pamamaraan ng pamamahala ng regulasyon para sa pagbabago, adaptasyon, pagpapatupad at pagsusuri ng mga umiiral na lokal na ordinansa at resolusyon ng LGU;
- j. Magsagawa ng mga pag-aaral o pagsusuri para sa mahusay na pagsulong ng mga serbisyo ng gobyerno at kadalian sa pagtatayo ng negosyo sa bayan ng Marilao;
- k. Magsagawa ng pagpupulong tuwing ikatlong buwan at kung kinakailangan na may tamang dokumentasyon; at



📍 2nd Floor, New Marilao Municipal Bldg., Patubig, Marilao, Bulacan

🌐 www.marilao.gov.ph 📧 mayor@marilao.gov.ph 📺 📷 📱 MarileNews



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 06

Nag-aatas sa Paglikha ng “Regulatory Reform Team (RRT)”
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan
Pahina 3 ng 3

1. Tiyakin ang regular at napapanahong pagsumite ng mga ulat sa *DILG* at *ARTA*.

Ang *Regulatory Reform Team (RRT)* ay dapat magsagawa ng regular na *stocktaking*, pagsubaybay at rekomendasyon ng mga patakaran gamit ang mga proseso at pormularyo na nakasaad sa *DILG-ARTA JMC No. 2019-01*.

SEKSYON 3. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *Regulatory Reform Team (RRT)* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan at/o Sangguniang Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay *ipso facto* na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**27** ng **Pebrero**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) **RICARDO M. SILVESTRE**
Punong Bayan

